**Mensahe para sa Mga Agent sa Pulong ng Konseho sa Agosto 2026**

Mga kapatid,

Tuwing Agosto, nagtitipon-tipon ang mga Knight sa buong bansa at sa buong mundo para ipagdiwang ang mga kamakailang tagumpay ng ating Order at para harapin kung ano ang mga susunod. Ganito rin tayo ngayong taon.

Gusto ko kayong batiin sa mahuhusay ninyong gawa na karapat-dapat ipagdiwang. Narinig natin kamakailan ang mga pinakabagong datos para sa Order sa ika-144 na Supreme Convention sa Denver. Naging posible ang tagumpay na iyon dahil sa inyong konseho. Binabati ko kayo!

Naniniwala akong proud sa atin si Blessed Michael McGivney. Ipagdiriwang natin ang kanyang kapistahan sa Agosto 13, kaya naman akma ang buwang ito para hilingin sa kanya ang patuloy niyang intersesyon sa ating gawain.

Noong itinatag ni Father McGivney ang Knights, gumawa siya ng paraan para panatilihing malapit ang mga kalalakihan sa Panginoon, sa isa't isa, at matulungan sila at ang kani-kanilang pamilya na magkaroon ng matatag na pinansyal na hinaharap. Alam niyang isa itong paraan para mapagtibay ang mga pamilya at maprotektahan sila kapag sila ay nasa pinakabulnerableng posisyon. Ipinagpapatuloy ng inyong konseho ang ganoong pamana sa bawat programang isinasagawa ninyo, sa bawat dolyar na idino-donate ninyo. Pero ipinagpapatuloy rin ninyo ang mga ito sa pagpili ninyo ng mga pinansyal na product at service sa Knights. Isa itong kongkretong paraan para maisakatuparan natin hindi lang ang lokal na impact ng mga Knight sa ating komunidad, kundi pati na ang impact natin sa buong mundo.

Araw-araw, ramdam ko na lubos akong pinagpapala na maging bahagi ng kapatirang ito, at lalo na ang makapaglingkod bilang isang agent. Isa talagang pribilehiyo ang maipagpatuloy ang misyon ni Father McGivney sa pananampalataya, kapatiran, at pinansyal na proteksyon sa ganitong paraan. Kung hindi pa tayo nakakapag-usap, o kung matagal na tayo noong huli tayong nakapag-usap, ikagagalak kong makausap kayo para masuri ang kasalukuyan ninyong coverage o hanapin ang coverage na tugma sa mga pangangailangan ng inyong pamilya. Makipag-usap sa akin pagkatapos ng meeting para makapag-schedule tayo ng oras.

Salamat!

20767 7/26